GSIS binigyan ng DOE ng 93% sa mahusay na paggamit ng kuryente

Binigyan ng Department of Energy (DOE) ang GSIS ng markang 93%, gradong A, at rating na five star sa ginawa nitong energy audit sa GSIS Head Office noong Mayo 18.

Sa audit, sinuri ng DOE ang kuryenteng kinukunsumo ng GSIS facilities.

Sa resulta, makikitang 165.08kWh/m2/year ang building energy efficiency index ng GSIS. Mas mababa ito sa 200kWh/m2/year, ang rekomendadong level ng ASEAN Efficiency and Conservation Best Practices Competition for Buildings.

GSIS binigyan . . .

mula pahina 1

Isinagawa ang energy audit bilang bahagi ng Government Energy Management Program upang lalo pang mabawasan ang konsumo ng kuryente sa sektor ng pamahalaan. *(PALT)*